

I.P.O.N.

Netzwerk Bildung und Projektarbeit e.V.
Hinrichsenstr. 40
20535 Hamburg
GERMANY

info.ipon@gmail.com
www.ipon-philippines.org
phone: +49-40 25 49 19 47
fax: +49-40 25 31 36 97



Hamburg, August 2nd 2009

Kinalabasan ng Pagmamatyag sa Kalagayan ng mga kaganapan sa Karapatang Pantao sa Pilipinas

Pagpanaw ng Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao Deolito “Julie” Empas

San Vicente, Pilipinas; Marso 2008

Balangkas

1. Pagmamasid sa Karapatang pantao	2
2. Banghay ng Kasaysayan	2
3. Mga Sumunod na Pangyayari	2
4. Mga Paglilitis sa kasong pagpatay kay Deolito Empas	3
5. Pagsusuri sa kaso sa pananaw ng Karapatang Pantao	4
6. Bondoc peninsula: Isang Paglalarawan	8
7. Sino si Deolito Empas	9
8. Sanggunian	10

Impormasyon tungkol sa salin

Original na bersyon sa wikang Aleman "Resulta ng obserbasyon sa sitwasyong karapatang pantao ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa Pilipinas, pagkamatay ng tagapagtanggol ng karapatang pantao na si Deolito 'Julie' Empas" noong Oktubre 10, 2008, updeyt at salin sa Ingles noong November 24, 2008.

1. Pagmamasid sa Karapatang Pantao

Nakalaan na ang IPON sa pagmamasid sa mga kaganapan ng karapatang pantao sa Bondoc Peninsula mula pa noong 2006 sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga pangkat tagamasid. Ito ay upang masamahan ang mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao, idokumento ang pang aabuso at paglabag laban sa kanila at magpakita ng “international presence”! o ang pagkakaroon ng mga taga ibang bansa. Ang mga nasabing hakbang ay naglalayong mapaunlad ang kalagayan ng karapatang pantao sa nasabing lugar. Tampok sa banyagang organisasyong ito na may mga “international observers” o tagamasid ay ang legal na pamamaraan kanyang sinusunod; na tanging mga Kasunduang Batas Pandaigdig lamang na pinirmahan ng Pilipinas ang isasaalang- alang. Sa gayon ang argumento hinggil sa pananagutan ng mismong pribadong taong gumawa ng paglabag sa Karapatang Pantao ay di kaugnay o wala sa paksa ng Pandaigdigang Pagmamasid ng Karapatang Pantao. Ang tanging pansin ay ibibigay sa prinsipyo ng di pagkakasangkot (principle of non- involvement) sa hiwaang (conflict) suliranin ng bansa. Hindi nakapokus sa estratehiya ng paglutas sa mga hidwaan (conflict) ang gawain ng IPON. Ayon sa mga panuntunan ng Malayang Pagmamasid sa mga Karapatang Pantao, ito ay nasasakop ng responsibilidad ng Pamahalaan ng Pilipinas at ng kanyang lipunang sibil (civil society).

2. Banghay ng Kasaysayan

Ang San Vicente ay sumasailalim, sa maraming taon na, sa lumalawak ng hidwaan/ laban sa pagitan ng may ari ng mga lupaing pamilya ng Uy at ng KMBP isang grupong nagtatanggol sa Karapatang Pantao na sinasamahan ng IPON. Ang mga kabilang sa KMBP ay mga magsasakang sama- samang naghain na ng kanilang petisyon para sa kanilang sariling lupain sa Kagawaran ng Repormang Pansakahan (DAR). Bukod sa roon, ang KMBP ay dumaraing hinggil sa lantarang pakikialam/ paghamak ng NPA (New Peoples Army). Noong 2005 ang DAR ay nagpahayag ng patalastas kung saan sa 595 hektaryang nasa pagmamay- ari ng pamilya ng Uy, ay 27 hektarya lamang ang ipapamahagi sa mga nagpetisyong kasapi ng KMBP. Makalipas ang isang taon 5 kasamang (tenant) magsasaka ang kinasuhan ng may-ari ng lupain sa pagnanakaw ng niyog. Si Deolito Empas ay isa sa mga nakasuhang magsasaka. Subalit noong 2007, ang mga akusasyong ito ay pinawalang bisa ni Eleonor “Allen” Uy, miyembro ng nagmamay- ari ng lupang pamilya Uy. Ito ay sa kadahilanan, ayon sa KMBP, si Mrs Uy sa mga panahong iyon ay tatakbo bilang kandidato sa pagka- mayor ng San Narciso. Ahg suporta ni Empas , bilang kinatawan ng samahan ng magsasaka sa Sitio Centro ay napakahalaga sa kanyang layunin. Sina Deolito Empas at ang (nooy) kasalukuyang pinuno ng distrito, Erwin Guerra ay nagbunsod ng kanilang kandidatura noong Agosto 2007 para sa konseho ng distrito. At sa panahong naging opisyal na ang Kandidatura ni Deolito Empas binabalaan niya ang kanyang mga anak (na lalaki) hinggil sa mga banta sa kanyang buhay mula sa mga NPA at ng may- ari ng lupaing Uy. Noon enero ng nasabing taon, naisulat ng KMBP na wala noong problema sa mga NPA.

3. Mga sumusunod na Pangyayari

- Ang pagkidnap at ang kasunod na pagpaslang/ pagpatay kay Deolito “julie” Empas noong ika 19 ng Pebrero, 2008.
- Inakusahan ng militar si Jorlito Carabido na responsable sa krimen. Una pa

dito, inaresto bilang pangunahing suspek. Inamin niya ang paglilibing sa bangkay. Sina Jerson at Jorlito ay dating naninirahan sa San Vicente. Ayon sa mga sundalo (army), mayroon pang dalawang inakusahan: Si “ka Islaw at isang di pa nakikilalang lalaki.

- Lokasyon: Lalawigan ng Quezon, Sitio Centro, Brgy. San Vicente, Bayan ng San Narciso.

Matapos ang pagpupulong ng konseho ng pamayanan noong ika 19 ng Pebrero 2008, ang lider- magsasaka at si kagawad Deolito “Julie” Empas ay nagtungo sa bahay ni magsasakang Jimenez kasama ang dalawa pang miyembro ng konseho. Gin ang ininom hanggang 5:30 ng gabi sa grupo ng mga kalalakihan kung saan kabilang si Jerson Carabido, kasunod nito, ang grupo ay nagpunta sa malapit na Videoke- bar. Humigit kumulang alas diyos ng gabi nang pumasok sa lugar ang isang anak ni Carabido at mayroong binulong sa ama at sa isa pang miyembro ng konseho. Makalipas ang ilang sandali, dalawang armadong lalaki (si ka Islaw at isang di nakikilalang lalaki) ang pumasok sa maliit na videoke bar, bumunot ng pistol at itinutok kay Deolito Empas. Ang lahat sa loob ng silid ay nagsidapa sa sahig. Itinali ang mga kamay ni Empas sa kanyang likuran. Matapos siyang kapkapan ay kinuha nila ang cellphone nito. Ilang mg kabataan sa labas ay sumisigaw na lumabas si kagawad Empas. Inialok ni Antonio Palacio na samahan niya si Deolito Empas at ang mga armadong kalalakihan subalit ang kanyang alok ay tinanggihan. Mga 11:30 ng gabi nang makarating sila sa bahay ni Tabu Derial at hinihingi ang pistol ni Deolito Empas. Itinanggi ng maybahay ni Derial na may pag- aaring baril si Empas. Sa huli, ibinigay din ni Derial ang baril sa mga kalalakihan.

Binalot ng takot ang lahat, ka bilang na ang pamilya ni Empas, kya di agarang nakapagsamba ng reklamo. Sa halip, sinikap ng mga magsasaka na kanilang hanapin at mapalaya ang iginagalang nilang kagawad. Nakalipas pa ang dalawang araw kung kailan naghain ng reklamo ang may- bahay ni Deolito na si Rosemenia sa local na himpilan ng pulisya. Hindi nagtitiwala ang mga magsasaka sa mga pulis man o sa army.

Makalipas ang halos tatlong lingo, marso 8, 2008 mga 7:00 ng gabi nang matagpuan ng mga army ang bangkay ni Deolito. Ang eksaktong petsa ng kamatayan ay hindi alam. Nang sumunod na araw, isang paghuhukay ang isinagawa ng mga army. Kinakitaan ang bungo at mga buto nito ng napakaraming kapinsalaan sa kabila ng matinding pagkaagnas nito. Ipinapalagay na ang mga kapinsalaang tinamo ay sanhi ng mga mapupurool na bagay. Dagdag pa dito, ang pinaslang ay paulit- ulit na sinaksak at malalim na nilaslas ang parting lalamunan. Ang iba pang mga ulat ay nagsasaad na si Empas ay inabuso, tinalian ang mga paa at kamay at binusalan. Marso 9, 2008 nang isagawa ng military ang “ public exhumation” ng nasabing labi.

4. Mga Paglilitis sa kasong pagpatay kay Deolito Empas

Sa kasalukuyan ang kaso ay nananatili sa Office of the Prosecutor sa Suidad ng Lucena, lalawigan ng Quezon. Ang akusadong si Jerson Carabido na umamin sa pagbabaon ng bangkay ay nakapiit sa “pre- trial confinement” sa Provincial Jail sa Lucena. Noong Oktubre 25, 2008 siya ay marahas na pinawalan ng armadong grupo. Ang kasalukuyang kinaroroonan nila Jerson at Jorlito Carabido at iba pang sangkot ay nananatiling di alam. Noong Agosto 2008 ipinahayag sa IPON ng anak ng pinaslang na kinababahala niya ang

pagkaantala sa pagsusumiti ng sinampang kaso. Hinihinala niya na ang tagausig ay naghihintay na mabawasan ang bilang ng mga testigo, lalo na iyong mga laban sa maaring nagongontratang kinatawan (contracting body). Dagdag pa dito, maari itong maging daan sa pagpapaliban sa halip na mabuksan ang proseso. Kung kaya ang nadakip na si Jerson Carabido ay maaring mapawalan. Dahil sa di pa natatagalang pagtakas ni Carabido ang paglilitis sa kaso ay lalo pang maaantala.

5. Pagsusuri sa kaso sa pananaw ng Karapatang Pantao

Udyok Politikang pagpatay sa San Vicente

Ang magulong sitwasyon sa San Vicente ay hindi isang bagong balita. Sa katunayan, ang pagpatay kay Deolito Empas ay hindi unang “political killing” sa rehiyon. Ang mga lathalain hinggil sa mga nagaganap sa pagitan ng mga grupong paramilitar at mga propetaryo (may- ari ng lupa) ay regular na nahahayag pambansa at pandaigdigang man sa loob ng 10 taon. (cf. Catulin case4; cf. German debate about the development cooperative program of the GTZ Bondoc Development Program until 2003; the televised report Probe on the Philippines television in 1998; Franco 2003; PARRDS 2006).

Apat na “political killings” mula pa noong 1998 ang isinangguni ng ibat- ibang pinagmulan. Lahat ng mga biktima ay kasapi ng grupo ng mga magsasakang tagapagtanggol ng Karapatang Pantao KMBP. Ang tatlo sa nasabing pagpatay ay isinisasi sa may- ari ng lupang Uy: Edwin Vender noong Hunyo 8, 1998, Rodolfo Romero noong Oktubre 3, 2003 at Felizardo Benitez noong Marso 20, 2003. Si Raymundo Tejino pinatay nong ika 4 ng Pebrero, 2003, kung saan ang NPA ang umako ng responsibilidad. Ang kasalukuyang umiiral na kaalaman ay nagbibigay linaw sa mga hinala na ang mga sistematikong pagpatay sa mga aktibong political na mga magsasakang KMBP ay nagtatangka na pahinain (neutralize) ang aktibismong ng mga magsasaka.

Pinagtuunan ng IPON ang katanungan kung ang mga pagsisiyasat at mga legal na hakbang laban sa mga pumatay ay nagtuturo rin sa posibilidad na mayroong nangongontratang kinatawan (contracting body). Ayon sa mga impormasyon mula sa IPON, ang mga hakbanging nagawa ay mga pagtatanong at “penal measures” lamang laban sa mga maysala. Dalawang tao (sina Rodrigo Parancolhue at Reymundo Carabot, Jr) ang naakusahan ng farmer leader at sinundan ni Empas, si Felizardo Benitez, subalit walang nangyaring pagdinig sa korte. Si Carabot ay inilagay sa “pre- trial custody” ngunit pinakawalan matapos magbayad ang may- ari ng lupang si Uy ng piyensa nito sa halagang P 40,000. Maraming mga NGO’s tulad ng FIAN international ang sinisasi ang may- ari ng lupang si UY sa pag-upa ng serbisyo ng tirador (hitman). Ganunpaman, walang “preliminary investigation” laban sa mga hinihinalang “contracting body” na naisagawa. Ang mga ulat mula kay Celing Catipon ay naglalahad na si Edwin Venden man ay pinatay sa pagtatalaga ng may- ari ng lupang Uy noong 2003. Ang “warrants of arrest” ay inihain laban sa akusado. Walang iba pang takdang paunang hakbang ang ginawa laban sa mga pumatay o sa mga “contracting body”.

Ang Kaso ni Empas: Isang kaswal o Iniupang Pagpatay?

Ilang buwan bago siya namatay, nabanggit ni Deolito Empas sa mga IPON observers na noong Oktubre 14, 2007 tatlong kalalakihang kaanib ng NPA ang nagtungo sa kanyang lugar sa Sitio Centro. Nagtanong sila sa mga naninirahan doon kung nasaan si Deolito o saan siya nakatira. Pagkatapos noon ay pumunta sila sa bahay ni Martes, isang magsasaka, at binaril ito. Ang may kakayahan himpilan ng pulisya sa San Narciso ay

nagpadala ng dalawang pulis opisyal para i-ulat ang kaso at upang kunin ang bangkay. Ang pagganap ng mga opisyal na ito ay naging dahilan upang ang pamilya ng biktima ay mawalan ng pag-asa sa pagkakaroon ng linaw sa kaso. Ang mga pumatay kay Martes, matapos ang kanilang ginawa, ay dumeretso sa bahay ni Deolito. Dahil sa wala si Deolito sa kanyang bahay ay hinalughug nila ito at umalis. Hindi na nabalitaan ng IPON ang anumang imbestigasyon sa kaso ni Martes, sa kabila ng pagkakaroon nito ng kaugnayan sa pagpatay kay Deolito. Sa simula ng taong 2008, noong si Deolito Empas ay kinidnap, naging aktibo ang army, dahil sa tinutuligsa ng mga Pilipinong NGO ang NPA bilang nagsigawa. Ang army ang sangay ng pamahalaan na inatasang sugpuin ang NPA sa Bondoc Peninsula. Lalo na sa magulong rehiyon tulad ng Bondoc, karaniwang ang pagdakip at pagiimbestiga ay isinasagawa ng army. Ang army rin ang nakadakip sa unang suspek, si Jerson Carabido, kaya lang, hindi mapatotohanan ang unang sapantaha na may partisipasyon ang komunistang gerilya na nagpahina sa pakikipamagitan ng sangay ng pamahalaan.

Isang impormante mula sa 74th battalion ang nagpatotoo sa karaniwang sapantahang ang may-ari ng lupaing Uy ay nagbabayad ng pamuwisang rebolusyonaryo (revolutionary taxes) sa NPA, kung saan ang mga miyembro nito ay madalas na arkilahin upang takutin ang mga magsasaka. Hinihinala ng IPON na ang mga sangay ng pamahalaan ay nagsasagawa ng may kinikilingan at maling imbestigasyon na nagbubunga ng maling konklusyon at humahantong sa takdang parusang hakbang kung saan ang mga nagsakatuparan ng krimen ang mananagot lamang sa pagpatay at di pansin ang posibilidad ng mga nakipagkasunduan. Gayumpaman, matapos ang apat na naunang “political killings” ang mga ahensiyang nagpapatupad ng batas ay hindi dapat ipalagay na hindi ito isa pang kaso ng kasunduang pagpatay (contract killing) laban sa mga lider magsasaka. Bakit kaya sa kabila ng lahat ng mga senyales na nagtuturo sa posibilidad ng mga taong nakipagkasunduan para sa pagpatay, wala pa rin imbestigasyong ginagawa upang masundan ang mga nasabing ebidensiya?

Ang lahat na apat na naunang biktima ng pagpatay ay mga tagapangulo ng lokal na grupo ng KMBP, na humihingi bilang karapatan ang legal na pagbabahagi ng lupain ng mga Uy sa DAR. Dalawa sa mga pinatay ay sinundan ni Empas. Ang may-lupang Uy ay marami ng kasong inihain laban kay Empas, at ilan dito ay dininig na sa korte. Naiulat na rin ni Empas sa IPON ang ibat-ibang banta sa buhay at ang panliligalig ng mga paramilitar na inupahan ng may-lupa. (cf. FIAN’s International Fact Finding Mission). Ayon sa mga salaysay ng mga naninirahan sa San Vicente, mayroon na ring maraming banta sa buhay laban sa ibang magsasaka. Isang pinagbantaang magsasaka mula sa Baugon sa San Vicente ang nag-ulat sa IPON ng mga tangkang pagpatay sa kanya noong ika-3 ng Hunyo at 24 ng Hunyo taong 2008. Ang unang insedente ay nagiwan sa kanya ng bahagyang tama ng bala sa dibdib. Kinilala nya ang isa sa mga nagsigawa nito, isang lalaki na noong panahong yaon ay nagtrabaho bilang goon ng may-lupang Uy. Ang ikalawang pagtatangka naman ay kinakasangkut ng 7 kalalakihan na nagpaputok ng buga ng mga bala. Sa pagkakataong ito dalawang mananalakay ang nakilala ng magsasaka. Gayundin, sila man ay nagtrabaho sa may lupang Uy bilang kanilang goons. Iniuugnay ng nanganganib na magsasaka ang mga pag-atake sa kanyang aplikasyon sa DAR para sa sarili niyang lupain. Pinatotohanan niya na matapos ang naunang pag-atake ay inireklamo niya ang sitwasyon sa kapitan ng Barangay ngunit wala rin saysay; hindi siya nito pinaniwalaan, matapos ang pangalawang pag-atake, nilapitan niya ang isang opisyal ng army, sa kadahilanang hindi na siya nagtitiwala sa mga lokal na opisyal ng pulis. Ang naging tugon ng opisyal na ito ay - nakipagkasundo daw si Felizardo Benitez (isang lider magsasaka na di lumaon ay pinatay) sa may-lupang Uy nakalimutan na ang lahat ng mga akusasyon at iurong na ang lahat ng kaso ng magkabilang panig. Ang pakikipag ayos na

ito ang makapagpapasya sa santambak na usaping legal. Ayon pa rin sa magsasaka sinabi ng opisyal na gagawin ng army ang lahat subalit higit na makabubuting tupadin ang kasunduan at kalimutan na lang ang tungkol sa mga kaso. Lyon na ang huling pagkakataon na binanggit ng magsasaka kanino man ang anumang banta sa kanyang buhay.

Binabayaan ba ng pamahalaan ang kanyang responsibilidad na pangalagaan ang kanyang mamamayan?

Marami sa mga magsasaka sa San Vicente ang nagsabi sa IPON na matapos ang pagpatay kay Deolito Empas, inatake sila ng mga upahang “paramilitaries” ng may lupang si Uy. Ang mga pagsalakay na ito ay mas dumalas at tumindi matapos ang pagpatay. Nagdusa ang mga magsasaka sa nakawan ng ani, naalis sa paninirahan, lantarang pagpapakita ng mga baril, mga pananakot (lalo na sa mga testigo) at mga banta sa buhay.

May ilang mga saksi sa kaso ng pagkidnap at pagpatay kay Deolito Empas. Pitong tao ang nakakita sa kapamaraan ng pagkidnap, isa ang umayaw magbigay ng testimonia sa takot na masupil. Isa sa mga saksi si Antonio Palacio, ang nagpahayag sa IPON ng kaniyang pagkabahala dahil sa pagiging hindi sakop ng witness- protection program. Ang programang ito ay karaniwang ginagamit sa Pilipinas. Nasa videoke- bar si Palacio kung saan kinidnap si Deolito Empas nang gabing ito ay mangyari. Ayon kay Palacio, siya ay pinagbantaan na rin sa pagiging testigo. Binigyan siya ng pulis ng witness-protection, subalit taliwas ito sa katotohanan. Iniulat din ni Antonio Palacio sa IPON na matapos ang pagpatay kay Empas, may ilang gabi ring may mga kalalaking umaali-aligid sa kanilang bahay at sumisigaw ng: “papatayin ka namin”. Ang malubha sa mga bantang ito, sa palagay ni Palacio, ay kung walang testigo ang kaso tungkol sa pagpatay kay Empas ay mapapawalang- saysay. Ang kaugnayang “no witness- no case” ang nagdudulot ng pangamba kay Palacio para sa kanyang pamilya at sa kanyang sariling seguridad. Ang mga patotoo mula kay Palacio ay naibigay na sa kapulisan ng bayan, sa public prosecutor at sa National Bureau of Investigation (NBI) sa Manila. Lahat na nabanggit na ahensiya ay humihingi ng pagkakasunod- sunod ng pangyayari ng pagkidnap subalit walang nagnanais umako ng responsibilidad para sa seguridad ng saksi.

Isa pang saksi ang nakapagreport na simula noong Oktubre 2007 (tatlong linggo bago mag Barangay Election) na nalaman mula kay Jerson Carabido (di umano’y pumatay kay Deolito) na mayroon nang planong patayin si Deolito Empas. Sinabi niya “Malapit na siyang mamatay kapag nanalo siya sa eleksiyon ng Sangguniang Barangay”. Ayon sa saksi ay binigyan siya ng witness- protection program. Subalit hanggang ngayon ay wala pang hakbang na sumunod sa naganap na berbal sa kasunduan. Anim sa pitong saksi ang tumestigo sa korte. Marami sa kanila ay pinagbantaan. Ang bumabalot na takot sa San Vicente ay nagiwan ng katanungan kung ang mga saksi ay makakatestigo pa o hindi na. Ang takot ding ito ang umiral sa pamilya ni Deolito Empas. Inabandona ng maybahay ni Deolito ang dati nilang tahanan at lumipat sa maliit na pamayanan malapit sa San Narciso bilang tugon sa kanyang takot ng muling pagsalakay ng mga goons ng may lupa. Pinagbantaan din ni Mariafe Carabido, maybahay ni Jerson Carabido, ang maybahay ni Deolito, si Rosemarie Empas ng kamatayan. Ang kanilang anak na si Genard Empas, na naglalayong isulong ang pakikibaka ng kanyang ama sa KMBP para sa kanilang lupa, ay tumira sa labas ng San Narciso sa takot sa pagganti ng mga pinaghihinalaan sa pagkamatay ng kanyang ama. Sang- ayon sa kanya, maraming banta sa buhay ng kanyang ama bago pa man ito mamatay. Ang pabuya PHP 15,000 ay inaalok para sa ulo ni Deolito. Ang regular na witness- protection program ay di na isinaalang alang ng miyembro ng pamilya Empas dahil ang suporta mula sa pamahalaan ay imitado sa panahon at natatakot ang pamilya na ang kanilang sakahan ang kanilang tanging ikinabubuhay ay makumpiskang pansamantala.

Sa ngayon, matapos ang pagtakas ni Jerson Carabido ang takot ng pamilya ay humantong sa kanilang pagdedesisyon na abandonahin ang kanilang lupain at manirahan sa ibang lugar.

Lahat na nakapanayam na mga magsasakang KMBP ay nagpahayag sa IPON ng kanilang pagkabahala sa mga goons ng may-lupa at ikinatatakot nilang tuligsain ang gawain ng mga ito. Ang pamahalaan ay obligadong bigyang proteksiyon ang mga saksi at ang kanilang pamilya. Matapos ang pagpatay kay Empas, at ang nakatalang apat pang pagpatay bunsod ng pulitika, ang purok na ito ay di dapat matangi sa pagsunod sa umiiral na “witness-protection programs”.

Paunang Hatol (Prejudgement) sa pinaparatang sa pamamagitan ng mga kinatawan ng pamahalaan.

Noong Marso 8, 2008 natagpuan ng mga army ang bangkay ni Deolito Empas. Makalipas ang isang araw, ayon sa ulat ng army, isang simbolikong paghuhukay at isang ritual ng pagditine ang isinagawa sa ilalim ng pamamanihala ng army, ang pulisya at iba pang kinatawan ng komunidad. Ang paghukay sa bangkay ni Deolito ay isinagawa sa ganap na alas diyos ng umaga sa Baugon, San Vicente. Dalawang tagapagbalita rin ang dumalo. Ang sumunod ay isang paglalarawan sa mga retrato ng pangyayari sa paghuhukay na ipinagkaloob sa IPON: Ibat ibang tauhan ng army ang naroon. Ang kapitan ng Barangay San Vicente na si G. Erwin Guerra (manugang ni Mayor Eleanor “allen” Uy) ay makikilala rin kasama si Jerson na nagturo sa army ng libingang ni Deolito. Si Carabido ay makikitang hinukay ang bangkay. Sa isang larawan ay ang anak ng biktima na itinali ang kamay ng akusado sa likod nito. Tabi sa mga pangkulturang Kaugalian sa Pilipinas, ang isinapublikong paunang hatol sa pamamagitan ng mga ahente ng pamahalaan sa isang taong hindi pa man naihabla ay hindi ayon sa legal na panuntunan. Ang lahat ay maykarapatang ipalagay na inosente hanggat hindi napapatunayang may- sala sa harap ng hukuman. Samakatuwid, ang hakbang na ito ay malinaw na pagpapababa sa pagkatao ng akusado.

Sapantaha ng pagpapahirap (torture) sa akusado

Ayon sa mga impormasyon mula sa army at pulisya na nasa kamay ng IPON, ang akusadong si Jerson Carabido ay dinala sa punong- tanggapan sa San Juan at doon ay sumailalim sa interogasyon. Ang mga terminong “invite” at “tactical interrogation” ay ginamit sa isang documento na tumutukoy sa pmamaraan kung saan ang impormasyon ay piniga kay Carabido. Sa Bomdoc, ang paggamit ng mga nabanggit na termino ay katumbas ng “torture” sa panahon ng interogasyon. Naging maganda naman ang sagot sa IPON sa hiling nito sa paglilinaw bagamat hindi ganap na maliwanag. Ang mga pamamaraang ginamit sa pagkakataong iyon sa punong himpilan ng army at ng mga naroon noon ay nananatiling lingid sa IPON at pilit na hinihingi ang mas malalim na pagsisiyasat upang maalís ang pagdududa sa mga ahente ng pamahalaan sa paggamit ng torture upang makakuha ng impormasyon.

Ang tungkulin ng army at ang nagbabantang militarisasyon sa rehiyon

Ang monopoliya ng pamahalaan sa lehitimong paggamit ng kaharasan ay tiyak sa buong Bondoc Peninsula sa pamamagitan ng kapanatilian ng National Police at ng army. Ang katimugang Bondoc ay kinaroroonan ng napakaraming kampo ng military na may kaukulang lakas, na mas higit dumami ang bilang nitong mga nakaraang taon. Ang pangunahing target ng army ay labanan ang NPA. Karaniwan ang maliliit na enkwentro na may magkakaibang tindi. Nai-dokumento ng IPON ang ilan sa mga ito. May mga ilang pagkakataon na pinagbigyang proteksiyon ng army ang mga nagpepetisyon sa repormang

pansakahan laban sa mga paramilitary. Dahilan na rin sa kalagayan ng Bondoc bilang “mainit na lugar” (hot spot), ang ilang kapasidad ng pulisya, tulad ng pagditene ng mga tao, ay naipapasa sa army. Naidokumento ng IPON noong Pebrero 2007 ang isang tila bunsod pulitikang kaso ng kaharasan sa Nilangtangan, sakop ng bayan ng San Francisco sa katimugan ng Bondoc. (cf. IPON’s Final Report 11, April 2007). Ang isang tipikal na hakbangin ng pulisya ay inihahalimbawa ng kasong ito: Ang pulisya, sa national level, ay pinagtiwalaan sa kasong ito at kinumpirma ito sa IPON sa pamamagitan ng pagpapadala ng warrant of arrest, at iba pang dokumento, sa Germany. Gayumpaman, ang pagdakip sa akusado ay maari lamang at isinagawa ng Philippine National Police (PNP) matapos lisanin ng kapitan ng Barangay ang opisina; ang tirahan ng akusado at mga ebidensya laban sa kanya ay hindi nagbago. Ang dahilang ibinigay sa di matagumpay na pagditene at legal na pagsasakdal ay dahil sa ang pulisya ay walang kakayahan sa kasong ito; sinabi nilang ito ay responsibilidad ng army. Sa kaso ni Deolito Empas, ang army ang may kakayahang ahensiya mula pa sa simula, dahilang ang NPA ang ipinalalagay na nagsasagawa ng krimen. Ang akusado ay natiktikan sa masakap na pamamaraan at malinaw na ang prosekusyon ay magaganap sa lalong madaling panahon. Gayumpaman, ipinaalam ng army sa IPON na hindi NPA ang sangkot sa kaso nitong pagpatay; na ang naunang paghihinala ay malinaw na nakatulong sa ikadadali ng proseso. Ang kaso sa Nilantangan ay tumatayong isang katumbas na malinaw na walang kinalaman ang mga gerilyong komunista sa simula pa lamang kung saan ang mga taga- pamahalaang nagsiganap ay mabagal kumilos. Ang pagkaantala ng nasabing kaso ay nagiiwan ng katanungan sa isang pantay na pagtrato sa mga kaso.

Sa kasalukuyan, hindi pa lubos ang napagtatagumpayan ang pagbibigay kapayapaan ng army sa rehiyon ng Bondoc. Pinangangambahan ng IPON ang lumalaking militarisasyon sa lalawigan ng Quezon. Mula 2006, ang mga di-tuwirang negatibong epekto ng lumalaganap na militarisasyon ay lumalago. Nai- dokumento ng IPON ang pagdami ng mga check-points sa kalsada, ang pagpapakalat at pagtigil ng militar (military presence), ang pagdakip sa mga kasapi ng KMBP sa kanilang pagtungo sa demonstrasyon sa Maynila, sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, lalo na ang pangamba ng mga lider magsasaka sa militar, sa mga di napatunayang akusasyon sa mga magsasaka bilang NPA, pag aresto at panliligalig.

6. Bondoc peninsula: Isang Paglalarawan

Heograpiya at panlipunang kalagayan

Ang Bondoc Peninsula ay matatagpuan sa dakong timog ng Luzon sa Pilipinas at nasasakupan ng Lalawigan ng Quezon. Ang Peninsula ay nahahati sa labindalawang bayan na may populasyong 400000 (tinatayang 120 katao kada kilometro kwadrado). Ang kondisyon sosyo- ekonomiko ay may kasahulan. Sa kabila ng pagiging kabilang nito sa CALABARZON, isang umuunlad na ekonomiyang rehiyon, ang heograpikal na lokasyon nito ay naghihiwalay dito sa inprastruktura ng kabuuan. Ang karaniwang pinagkakabuhayan ng mga naninirahan ditto ay pangingsda at agrikultura. Ang karaniwang ani dito ay niyog, palay at mais. Ang di timbang napagkakabahagi ng lupa ay masyadong kapansin-pansin. Ilang pamilya ang nagmamay-ari ng malalaking bahagi ng lupa sa Bondoc. Ang pinakamalaking nagmamay-ari ng lupa ay si Victor Reyes, na ang pamilya ay mayroon humigit- kumulang 14,000 ektarya sa mga bayan ng buenavista, San Andres at San Narcisco. Ang pamilya ng Uy at Matias ang sumunod kay G. Reyes na may humigit kumulang 3500 ektarya sa San Andres at San Narcisco at tinatayang 2800 ektarya sa San

Francisco. Sa ganitong pagkakabahagi ng lupain naging pinakaimportanteng nagmamay-ari ng lupa itong tatlong pamilya at nagbigay din sa kanila ng labis na kapangyarihang politikal. Noong 1988, matapos ang diktadura ni Ferdinand Marcos, ang Comprehensive Reform Program Law (CARL) ay ibinaba. Sinusuportahan nito ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) sa pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka na nagbibigay sa kanila ng karapatan hanggang tatlong (3) ektarya per capita. Ang programang ito ay isinakatuparan ng may kapansin- pansing kabagalan sa Bondoc Peninsula (cf. Reintje 2007; IPON's Final Reports).

Alternatibong pagkakakitaan sa armadong kilusan

Matapos umaplay para sa lupa ang kabuuang situasyong pang- ekonomiya ng mga magsasaka ay lalong lumala (cf. Lanfer 2006). Ang kanilang pagbubugta sa lupa ay inalis sa mga magsasaka kaalinsabay na rin ng pagkawala ng kanilang pinagkakabuhayan. Ang sitwasyong ito ay kapuna-punang higit na walang katiyakan sa San Vicente dahil sa ito ay nasa tabi ng bundok. Sa ibang lugar ay maaring mangisda bilang alternatibong pagkikitaan. Ang partikular na rehiyong ito ay hindi nag-iiwan sa mga magsasaka ng ibang pamimilian maliban sa pagsapi sa grupong paramilitar ng may-lupang Uy kapalit ng salapi, o kaya'y sumapi sa NPA sa kanilang kilusang mapagpalayang rebolusyonaryong komunista. Ang kaugnayan sa mga magsasaka ng dalawang nabanggit na gumaganap ay napaka lapit at ayon sa panahon. Ang paglipat mula sa pagiging pumipetisyon tungo sa pagiging miyembro ng NPA o goon ng may lupa, o kombinasyon ng dalawang pamimilian, ay halos isang kalakaran. Ang mga magkamag- anak at mga kaibigan ay karaniwang kasapi ng magkatunggaling armadong grupo.

7. Sino si Deolito Empas?

Si Deolito "Julie" Empas ay isa sa mga lider-magsasaka sa Sitio Centro sa San Vicente, San Narcisco na nagtataglay ng katungkulan bilang kagawad. Si Deolito empas ay kasal kay Rosemenia Empas (44 taong gulang). Sali ay may pitong anak: Janafer (26), Jomar (24) Jamie (22), Gerald (20), Jason (19) Julyann (9), Joseph (2). Ang ng sumunod na anak ay namatay.

Si Deolito Empas ay magsasaka sa lupain ng maimpluwensiyang may-lupang Uy. Mula noong 1984 ang sistema ng hatian sa mga lupaing ito ay 60:40 partisyon pabor sa may-lupa. Salungat dito, ayon sa CARL ang tasa/ kaupahan (rate) na 25/75 pabor sa inuupahan (sa kasong ito ay ang magsasaka) ay karapat- dapat tanggapin. Noong 2003, 76 na magsasaka ng Sitio Centro ang nagorganisa upang itatag ang local na kinatawang grupo ng KMBP, ang Samahang Magsasaka Sitio Central (SMSC). Nang taon ding iyon, ang SMSC ay umaplay sa CARP para sa pagpamahagi ng 395 ektarya ng lupa na nasa ilalim ng pangalan ng pamilya Uy. Matapos ang pataksil na ppatay sa pangulo ng grupo noong 2004, si Deolito Empas ang humawak sa puwestong nito. Nakipag-alam si Empas sa ibat-ibang pangpamahalaang organisasyon upang ang ipinahayag na lupang ipamahagi ay maganap. Mula noong 2002, ang buhay ni Deolito Empas ay nanganib. Nang mga panahong nasa 12 armadong paramilitar ng may-lupang Uy. Ang bumisita sa kanyang bahay. Si Deolito Empas ay kinidnap, pinahirapan ng labis at pinatay noong 2008. Si "Julie" ay namatay sa edad 47.

8. Sanggunian (References)

- Franco, Jennifer C. (2003) *On Just Grounds: The New Struggle for Land and Democracy in the Bondoc Peninsula*. Quezon City: Institute for Popular Democracy and Amsterdam: Transnational Institute**
- Lanfer, Anne (2006) *The Philippine Agrarian Reforms and their Impact on Rural Households*. Unveröffentlichte Bachelorarbeit am Institut für Ernährungswirtschaft und Verbrauchslehre der Universität Kiel**
- Partnership for Agrarian Reform and Rural Development - PARRDS (2006) *Land, Life and Justice: The Challenge of Agrarian Reform in the Philippines, Agrarian Reform and Human Rights Situation*; http://philippinehumanrights.org/images/stories/pdf/final_ar_hr_report_june_28_2006.pdf)**
- Reintjes, Carolin (2007) *Kampf um das Land - Die Umsetzung der philippinischen Agrarreform CARP auf der Bondoc-Halbinsel*. Unveröffentlichte Diplomarbeit am Lehrstuhl für Südostasienskunde I der Universität Passau**